**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH HOSTED BY PCOO USEC. ROCKY IGNACIO**
**November 22, 2021 (11:01 A.M. – 11:56 A.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Luzon, Visayas at Mindanao at sa lahat ng ating mga kababayan na nasa iba't ibang bansa. Ngayong November 22, araw ng Lunes, muli nating aalamin ang pinakahuling balita kaugnay po sa sektor ng ating turismo at edukasyon. Mamaya ay sasagutin din ng GSIS ang ilang tanong ng mga pensioners nito. Ako po si Usec. Rocky Ignacio. Simulan na natin ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Sa kabila ng hakbang ng ilang senador na tapyasin ang budget ng NTF-ELCAC para sa susunod na taon, nanindigan naman si Senator Bong Go sa naging ambag ng ahensiya para sawatahin ang insurgency at panatilihin ang kapayapaan sa buong bansa. Narito ang detalye:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Kasabay po ng pagluluwag ng ilang patakaran sa bansa ay bahagya na ring paluluwagin ang pagpasok ng mga banyagang turista dito sa Pilipinas, alamin natin ang detalye niyan mula mismo kay Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat. Good morning po, Secretary.

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Good morning, Usec. Rocky. And good morning sa lahat ng nanunood sa iyo ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ano po ba an ibig sabihin nitong "in principle" na pagpayag ng IATF sa pagpasok ng mga fully vaccinated tourists na magmumula po sa green list countries?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Last Thursday, nagka-IATF meeting kami at iyon na nga, matagal na ng DOT kasi gusto sana na unti-unti nang makapasok dito ang mga dayuhan. Ang ibig sabihin ng "in principle", pumayag na iyong mga members ng IATF; pag-uusapan na lang iyong detalye kasi maraming mga detalye kung ano iyong mga kondisyon para makapagpasok pero pumayag na iyong mga members. So we're hoping by next week, pinag-uusapan na naman ang mga detalye kung sinu-sino at anong mga kondisyon para makapagpasok galing sa green list countries at we hope we will be able to implement it soon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero gaano kalaki po iyong tulong naman nito para dito sa pagpapalakas ng ating tourism industry pati na rin po iyong posibleng epekto nito sa GDP growth ng bansa sa huling quarter ng taon, Secretary?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Oo nga, Usec. Rocky, 'di ba bago magpandemya, iyong kontribusyon ng tourism sa ating gross domestic product ay 12.8%; bumagsak ito sa 5.4. Kung pag-uusapan ang trabaho, bago pandemya nagkatrabaho dahil sa turismo ay 5.7 million at ito naman ay bumagsak rin ng… bale mga … ang naging ano na lang, from 5.7 naging 4.6; so mga 1.1 million ang either nawalan ng trabaho or naapektuhan. So we're hoping hindi lamang iyong domestic tourist but unti-unti tayong magpasok ng mga turista sa ibang bansa ay magkakatrabaho na iyong mga nawalan ng trabaho.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, may projection na po ba kayo kung ilan iyong inaasahang papasok na turista dahil sa magiging pagluluwag po natin?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Wala, mahirap kasing magbigay ng mga projection, Usec., because like mga ibang bansa iyong [garbled] dahil sa pandemya. Pero at least, simula na ito, tuluy-tuloy na ito. Hindi gaya dati, like last year halos walang… siyempre walang international travel tapos iyong domestic tourism naman natin, sara-bukas-sara. So at least ito sana ay tuluy-tuloy na.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, pero may cap pa rin po ‘no ng arrival sa ating paliparan, tama po ba ito? So ano po iyong ginagawa ninyong pakikipag-ugnayan sa DOTr tungkol dito, Secretary?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Kapag galing sa green list countries, dahil walang quarantine, hindi siya kasama sa cap ng DOTr, so iyon. Ang may cap lang naman, for example, iyong magka-quarantine ‘di ba ngayon na-reduce para sa mga yellow countries lalo na sa ating mga balikbayan, na-reduce from five to three days, so ito may quarantine.

Pero kapag galing sa green list countries, dahil test before travel at wala namang quarantine, hindi ito kasama sa cap ng DOTr.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ito tanong din ito ng marami: Kailan daw po o may update na po ba kung kailan mailalabas daw po iyong final guidelines ng binuong technical working group para dito, Secretary?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Nagsimula na silang mag-usap tungkol dito sa mga detalye last Friday. Hopefully na by this week, ma-approve na pati iyong mga kondisyon at we can implement it soon para naman kapag Pasko ‘di ba, masaya na.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, na-mention ninyo nga po na soon the government will open tourism to foreigners from green list countries, ano po. Pero can you make any timeframe daw po o target like when?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Well, we are hopefully it would be approved by this week. So kung ma-approve ito this week, after the approval.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, kung pagbabasehan po kasi iyong ilang ASEAN countries na una na pong nagbukas ng border para sa mga foreign tourist, ano po, so kumusta po iyong observation naman ng DOT pagdating sa epekto nitong pag-ease ng restrictions sa kanilang travel industry at COVID situation? Maganda po ba iyong takbo so far?

**DOT SEC. ROMULO-PUYAT:** Oo, matagal na nating pinagmamasdan eh, iyong buong mundo at lalo na sa mga fellow Asian countries natin na nagbubukas na nga. Ang napansin namin, as long as sundin iyong minimum health and safety protocol at least bakunado iyong mga tao, safe ito talaga sa pagbukas. Kaya naman pumayag ang IATF na galing sa green list countries kasi iyong mga galing sa green list, mabababa ang kaso. So we’re hoping—pagbabasehan natin iyong mga ibang bansa na nagbukas na as long as sinusunod iyong minimum health and safety protocols, iyong wearing of the mask lalo na.

Napansin namin sa Hawaii, Europe, iyong mga hindi na sumusunod sa minimum health and safety protocols gaya ng pagsuot ng mask, nagka-surge. Kaya ngayon sila sa Europe,

binabalik na nila iyong wearing of the mask kasi nakita talaga nila kapag hindi sumusunod, kapag hindi na nagsusuot ng mask, iyong physical distancing at paghugas ng kamay, doon nagkaka-surge.

Ang importante talaga is, first, fully vaccinated; number two, sumusunod pa rin sa minimum health and safety protocols.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, marami po sa ating mga balikbayan eh nagmumula sa “Yellow List” countries. So, ano po iyong mga proposal na inaasahang ilalatag ng DoT para naman po sa special program na vaccinated travel lanes o “bubbles” sa mga manggagaling sa Yellow List countries?

**DTI SEC. ROMULO-PUYAT:** Kagaya ng sinabi mo, Usec. Rocky, ang ating mga balikbayan, iyon ang third biggest ano natin – foreigners, kasi considered na silang foreigner.

Masaya kami, hindi lang naman ang DoT pati iba’t-ibang members IATF, at least bumaba na siya. Hindi ba noong una 14 days, naging 10 days, nabawas sa five, ngayon at least three days. Iyong ating mga kababayan at least masaya sila na pababa nang pababa na iyong quarantine days.

Siyempre, we’re hoping as more people are vaccinated dito sa ating bansa na mas mababa pa iyong quarantine. Siyempre, palagi pa rin tayong humihingi ng advice sa ating mga doktor. Sabi ng mga doktor sa IATF, three days pa lang as of now but we’re hoping habang mas marami ang nababakunahan dito sa Pilipinas, mas mabawasan pa.

Hindi ba, para hindi naman masakit. Sabi nga ng mga kababayan natin, ayaw daw naman nilang maubos iyong kanilang leave sa quarantine hotel. Pero at least ngayon on the third day pagka-test nila kapag negative puwede na silang umalis. At least mas masaya sila dito.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, iniklian nga po iyong mga quarantine period para sa mga inbound travelers mula po sa Yellow List countries pero kasama po ba daw ang mga non-OFWs dito?

**DTI SEC. ROMULO-PUYAT:** For the Yellow List, ang kasama dito naman iyong mga—tourism kasi iyon hindi ba? Ang tourism puwede lang for leisure from the “Green List.” Iyon lang muna ang pinayagan ng IATF from the Green List countries. Ang Yellow List, kasama dito iyong returning OF, OFW at siyempre iyong ating mga balikbayan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Since marami-rami na nga po iyong inaasahang mababakunahan dito sa gagawing vaccination days ano po, dagdagan pa ng booster shot pagpasok ng 2022, ano naman po iyong maaaring i-expect ng mga kababayan nating nagbabalak bumiyahe mapa-local or international sa susunod na taon? Inaasahan rin po ba na by next year mas maraming mga local destination ang magbubukas, Secretary?

**DTI SEC. ROMULO-PUYAT:** Actually, kapag pag-uusapan ang mga local destination, halos lahat kung titingnan mo iyong Alert Level System or iyong mga iba kasi naka-MGCQ pa lang, puwede na talagang magbukas iyong mga local destination, except iyong ating mga ibang LGU (governor or mayor), ayaw pa rin nilang magbukas.

Pero nakita naman natin na unti-unti nang nagbubukas na iyong mga tourist destinations ngayon kasi (ang) ginawa ng Department of Tourism, nagpa-vaccination program kami together with Sec. Galvez at Sec. Dizon. Talagang binakunahan natin iyon ating mga tourism workers para magbukas na iyong mga destination.

Marami na sa ating mga local destination hindi na humihingi ng negative RT-PCR. Basta fully vaccinated at puwede nang pumasok, ipakita lang nila na iyong vaxcert or talagang authenticated na bakunado sila sa kanilang mga LGU.

So, ang pinag-uusapan ngayon, Usec. Rocky, kapag local destination, kung bakunado o hindi kasi marami na sa ating mga kababayan ay fully vaccinated lalo na dito sa NCR. Iyon pong nag-first dose ay 100% vaccinated tapos nag-second dose, 94% fully vaccinated na. So, talagang bakunado na talaga lahat ng mga tao dito sa NCR.

At from November 30 to December 2, kagaya ng utos ng ating Presidente, ay gusto pa rin niya talagang tumaas ito, mas maraming bakunado all over the country. Kung sa NCR kasi halos lahat tayo bakunado na, gusto niya sa buong Pilipinas.

Kung pag-uusapan ang ating mga tourism workers, more than 75% na ang bakunado sa ating mga tourism workers. So, tuluy-tuloy ito hanggang makapag-100% tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, ano na lamang po iyong mensahe ninyo sa ating mga kababayan lalo na po iyong nagbabalak magbakasyon sa mga local tourist destination natin?

**DTI SEC. ROMULO-PUYAT:** Una sa lahat, masayang-masaya kami na maraming-maraming gustong mag-travel local kasi siyempre when you travel local, nagkakatrabaho ang mga nawalan ng trabaho.

Pero talagang paalala lang, gentle reminder, kahit na bakunado kayo or let’s say negative sa RT-PCR, sundin pa rin ang minimum health and safety protocols – ang pagsuot ng mask, physical distancing, lalo na kung hindi ninyo kakilala, hindi ba? You stick to your bubble, iyong mga kasama mo at palaging naghuhugas ng kamay.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po, Secretary, and always keep safe!

**DTI SEC. ROMULO-PUYAT:** Yes, you too.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Muli nating nakausap si Tourism Secretary Berna Romulo-Puyat. Salamat po, Secretary.

Samantala, base naman sa pinakahuling tala ng Department of Health, mahigit 2,000 katao ang nadagdag sa mga tinamaan ng COVID-19 sa bansa kahapon. 2, 226 new cases po iyan para sa kabuuang bilang na 2,826,410 na katao.

Sa kabilang banda, 3,152 naman po ang mga bagong gumaling mula sa sakit kaya umakyat din sa 2,758,235 ang total recoveries.

47,074 naman ang naitalang total deaths matapos itong madagdagan ng 175 na mga nasawing individual.

0.7% ng total COVID-19 cases sa bansa ang aktibo pa rin hanggang sa ngayon. Katumbas po iyan ng 21,101 active cases.

Ngayong araw naman ay magbubukas na rin ang ilang pribadong paaralan para po sumali sa pilot implementation ng face-to-face classes sa bansa. Kaya naman kumustahin natin ang kahandaan ng participating private schools mula sa Managing Director ng Coordinating Council of Private Educational Associations (COCOPEA) na si Atty. Joseph Noel Estrada. Magandang umaga po sa inyo, Attorney.

**COCOPEA MANAGING DIRECTOR ATTY. ESTRADA:** Magandang umaga po sa inyo at sa inyong mga tagasubaybay at tagapakinig.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, ilang miyembro ninyo ang nagsimula na po kaya ng kanilang face-to-face classes ngayong araw?

**COCOPEA MANAGING DIRECTOR ATTY. ESTRADA:** Doon sa 20 na naaprubahan para sa limited pilot testing ng face-to-face, sa basic education, mayroon yata doon mga nasa tatlong miyembro po namin ang sumali doon sa limited face-to-face so far.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Attorney, nakatulong ba na nauna nang halos isang linggo nga po itong DepEd schools sa pag-implement po ng face-to-face learning para daw po mas mapaghandaan ito ng participating private schools?

**COCOPEA MANAGING DIRECTOR ATTY. ESTRADA:** Nakatulong naman po ito dahil mayroon kasing application period at saka mayroon ding kumbaga pag-assess din ng region kung sino iyong maaaring mag-pilot testing doon sa region. Iyon ang paliwanag sa amin kaya mayroong karagdagang mga araw bago kami payagan na magbukas.

Hindi katulad siyempre sa DepEd, sila naman po ang talagang makakapagsabi doon kung alin sa mga public schools. Pero doon sa private kasi may application period, kailangan tingnan iyong sa self-assessment ng mga eskuwelahan at kailangan ng mga regional directors ng DepEd bago sila payagan na mag-participate.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, anong modification o pagbabago, kung mayroon man po, sa mga pasilidad at sistema rin na ipinatutupad ngayon ng mga pribadong eskuwelahang ito?

**COCOPEA MANAGING DIRECTOR ATTY. ESTRADA:** Kung sakali, siyempre gagamitin nating model iyong naipatupad sa limited face-to-face for basic education, siyempre iyong ating at least 1.5 meters na distance ng mga estudyante. So, magkakaroon ng ano talaga, may mga designated na places kung saan lang puwedeng manatili iyong mga estudyante. Tapos siyempre gagamit tayo ng mga open spaces or kung hindi man open space eh doon sa lugar na maayos ang ventilation and of course, dapat mayroong access to cleaning materials and also for hygiene – iyong mga alcohol.

Iyon ang basic, iyan ang mga pinaghahandaan talaga ngayon ng mga eskuwelahan para doon sa expansion. But of course, tinitingnan natin muna kung ano iyong mangyayari dito sa pilot testing para mapaghandaan natin iyong next phase ng implementation.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, ilang estudyante po ang pinapayagan sa ngayon sa isang classroom? At ilang oras po ang klase sa loob ng isang araw?

**ATTY. ESTRADA:** Depende ito sa size ng classroom.

Pero mayroon naman tayong general guidelines na sinusunod na iyong capacity, dapat at any given time hindi puwedeng mag-exceed sa 50% capacity ang nasa onsite o nasa eskuwelahan. Ngayon, again depende nga sa size ng classroom. Basta dapat masunod iyong distancing, kung 1.5 meters iyan kailangan masunod. So kung ilan lang iyong kakasya doon sa isang classroom, iyon lang ang papayagan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney may tanong lang. May clarification lang po si Kenneth Pasyente ng PTV: Sa 20 approved private schools, tatlo lang po ang nag-start today, bakit po hindi natuloy iyong iba?

**ATTY. ESTRADA:** Natuloy naman po, I think natuloy naman lahat. Pero iyong amin pong miyembro, iyon pong pirmado po na kabilang po sa ating asosasyon ay tatlo lamang po. Kasi talagang ano—of course, 12,000 ang basic educations institutions natin all over the country. So tinitingnan namin kung iyong talagang mga sumali sa pilot ay miyembro po namin, kasi 20 lang iyon. Pero so far, iyong tatlo po ang confirmed na member ng COCOPEA.

**USEC. IGNACIO:** So ano po daw patakaran ang ipatutupad kung sakaling may isang bata o guro na magpapakita ng sintomas habang nasa school, Attorney.

**ATTY. ESTRADA:** Ano iyan, siyempre kailangan handa iyong eskuwelahan at dapat mayroon talagang kaukulan na kaugnayan sa local government para doon sa immediate response and of course iyong immediate response din ng eskuwelahan. Dapat mayroon silang medical staff na talagang mag-aasikaso dito and of course iyong atin ngang coverage sa PhilHealth, dapat maayos din iyon para kung talagang magkakaroon ng case, huwag naman sana ay hindi na, talagang ma-contain natin.

Iyan din ang isang dahilan kung bakit mayroong shifting at mayroong limitation doon sa numbers of hours ‘no kung saan iyong mga bata ay dapat manatili lamang, I think three hours lang in day, dapat hindi mag-exceed ang mga estudyante sa loob ng paaralan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Kayo po ba sa COCOPEA ay may monitoring din na gagawin po sa mga participating schools sa implementation nila ng face to face classes simula ngayon?

**ATTY. ESTRADA:** Yes, definitely kami po ay nagmo-monitor at bukod po doon, kami ay humiling din sa DepEd na kami ay payagan doon sa kanilang paglilibot o kahit virtually, kami ay payagan ng access doon sa pagmo-monitor nila para makita namin iyong actual implementation, hindi lang doon sa 20 private schools, kung hindi doon sa mga nag-participate din na mga public schools para kami ay makakuha din ng mga ilang inputs at makapag-suggest ng mga pagbabago pagdating natin doon sa expanded phase ng limited face to face.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, ngayong pinalawig na rin ang alert level system sa iba pang mga probinsiya, may mga private schools pa bang miyembro ninyo ang hahabol o mag-a-apply sa DepEd para sumali sa pilot run ng face to face classes?

**ATTY. ESTRADA:** Yes, definitely. Maraming naka abang na once ma-expand na nga iyong implementations sa mga ibang regions lalo na doon sa mga urban areas. In fact, pati sa NCR may mga ilan na mga miyembro, mga eskuwelahan na naghihintay na lang na payagan din, dahil nga bumaba na iyong ating alert level. Basta sa tamang panahon, naghihintay lang din

kami ng directive and the proper guidelines from DepEd and I think many of our schools will start inquiring and applying as doon it becomes available po.

**USEC. IGNACIO:** Pero, Attorney, sa palagay ninyo ay puwede na ring simulan ang face to face learning dito sa Metro Manila bago po matapos ang taon?

**ATTY. ESTRADA:** Depende po, may mga tinitingnan po tayo na mga developments, isa na nga po rito iyong vaccination rate. I think kailangan talaga mataas iyong vaccination rate at lalo na pati doon sa mga estudyante kung sa basic education, sana mataas na rin ang vaccination rates noong 12- to 17-year-old at sana huwag tumaas during ito ngang holiday season. So, I think—basta ready ba po ay kami ay susunod kami kung ano nag sasabihin ng ating mga health experts at ng ating Kagawaran sa Edukasyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero Attorney, may mga private schools po ba na hindi muna nagpa-planong sumali sa face-to-face classes lalo po iyong may mga maayos na system para po sa online learning at kung sakali ay susuportahan po ninyo ito?

**ATTY. ESTRADA:** Yeah, mayroon pong mga miyembro din na talagang siyempre pinaghandaan din nilang mabuti iyong online learning platforms nila at gusto nila hangga't maaari ay tapusin na nga ng online iyong school year at iyong iba naman gusto lang ding magkaroon ng option for the other parents, the other students kung gusto nilang makilahok doon sa limited face to face.

Pero I think hindi talaga pupuwedeng mamili ng isa lang sa ngayon, dahil tayo ay magta-transition. So marami pa rin naman ang eskuwelahan talaga na ipagpapatuloy pa rin iyong online.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kumusta naman daw po iyong bakunahan sa mga private school employees na miyembro po ng COCOPEA?

**ATTY. ESTRADA:** We continue to encourage them, hindi naman natin sila puwedeng pilitin. Pero I think maliwanag na lumalabas iyong mga guidelines na kailangan fully vaccinated iyong magri-report sa school kung sakaling magkaroon nga ng limited face to face. So, iyong hindi vaccinated will have to continue with online at kung hindi pupuwede silang online hahanap tayo ng paraan para masiguro na ligtas iyong mga estudyante at ibang tao sa eskuwelahan, puwedeng i-require sila ng testing every time they go to school. So iyan iyong mga strategies na talagang pinaghahandaan din ng bawat eskuwelahan. So magkaiba ang strategies na gagawin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Maraming salamat po sa inyong panahon and the best of luck po sa lahat ng paaralan natin. Thank you po, Atty. Joseph Noel Estrada mula sa COCOPEA.

**ATTY. ESTRADA:** Maraming salamat din po. Magandang araw muli.

**USEC. IGNACIO:** Samantalang nakatakdang simulan bukas ang pagbibigay ng booster shots at third dose para sa mga A2 at A3 priority sector. At ngayong araw nagkaroon po ng ceremonial vaccination para sa ilang nakakatanda na nasa East Avenue Medical Center si Louisa Erispe live:

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Louisa Erispe.

Samantala, sa ginanap na presidential forum ng Philippine Chamber of Commerce and Industry kamakailan, inilatag ni presidential aspirant Senator Bong Go ang mga plano nito sa economic recovery ng Pilipinas sakaling mahalal sa pagka-pangulo, at isa rito ang pag-focus sa edukasyon. Ang detalye sa report na ito:

[VTR]

**USEC. IGNACIO:** Marami talagang sektor at transaksiyon ang naapektuhan po ng pandemya simula pa noong nakaraang taon, kaya naman po ang GSIS ay gumawa ng paraan para maging updated pa rin sa impormasyon ng mga miyembro nito sa pamamagitan po ng programang online APIR or Annual Pensioners Information Revalidation. Para po alamin po ang detalye diyan ay makakausap natin muli si Ms. Vilma Fuentes, ang vice president ng Mindanao office mula po sa VISMIN Operations Group. Magandang umaga po.

**GSIS VP MINDANAO OFFICE VILMA FUENTES:** Magandang umaga, Usec. Rocky. And magandang umaga sa ating mga kababayan na nanunood sa atin ngayon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ms. Vilma, ano po ang panawagan ng GSIS sa mga pensiyonado ngayong kasalukuyang panahon?

**GSIS VP MINDANAO OFFICE VILMA FUENTES:** Ang tanggapan ng GSIS ay nananawagan sa lahat ng mga pensyonado na gawing online ang kanilang mga transaksiyon, katulad ng Annual Pensioners Information Revalidation or APIR, pati na rin ang application for commencement of pension o pagsisimula ng pensiyon.

Kasama din sa panawagan para sa online transactions ang pag-a-apply ng mga available loans na inaalok ng GSIS para sa ating mga qualified pensioners.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ms. Vilma, bakit mahalaga po na gawing online ang mga pensioner transactions?

**GSIS VP MINDANAO OFFICE VILMA FUENTES:** Usec. Rocky, kahit binaba na ng IATF ang alert level ng Pilipinas dahil sa COVID-19, mahalaga pa rin sa atin ang health ng ating mga pensioners. So sa halip na mag-transact sa mga GSIS Wireless Automated Processing System or GWAPS kiosk – kasi iyon iyong pamamaraan natin dati, kailangan pumunta si pensioners sa GWAPS -- o kaya naman ay mag-file over the counter sa mga GSIS offices, hinihikayat ng pamunuan ng GSIS ang mga pensiyonado na tugunan at bigyang halaga ang pag-transact online upang maging ligtas sa banta ng kalusugan at para makaiwas mula sa COVID-19 nitong kasalukuyang panahon.

Ang senior citizens ang pinakamadaling kapitan – alam naman natin iyan, Usec. Rocky 'no – ng mga sakit dahil sa edad kaya naman sinisiguro ng GSIS na bigyan sila ng alternatibong paraan sa tulong ng teknolohiya para makapag-transact ang pensioners nang hindi na kailangan pang lumabas ng kanilang tahanan.

May guidelines na ang GSIS tungkol sa mga contactless at online transactions bago pa man ang kautusan ng IATF na lumikha ng panuntunan para sa alternatibong pamamaraan ng validation o proof of life at iba pang transactions requiring personal appearance ng mga senior citizens/pensioners simula noong March 1 ng kasalukuyang taon.

Sa pamamagitan ng online methods, puwedeng gawin ang mga transactions katulad ng binanggit ko kanina, iyong APIR or Annual Pensioners Information Revalidation or application for commencement of pension at ang pag-a-apply nila ng pag-avail ng loans kahit na anong oras at sa anumang araw ng may kaginhawaan dahil ito ay sa pamamagitan na lang ng ating online at the comfort of their homes.

Kaaya ng sinabi ni GSIS President and General Manager Rolando Ledesma Macasaet, kaligtasan, kalusugan at kaginhawaan ng mga pensioners ang priority ng GSIS lalo na ngayong may pandemya. Siyempre, Usec. Rocky, gusto naming ma-enjoy ng ating mga pensioners ang kanilang pension ng mas mahabang panahon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Ms. Vilma, ano po itong APIR at bakit ito ang kailangang gawin?

**GSIS VP MINDANAO OFFICE VILMA FUENTES:** Ang APIR, Usec. Rocky, ay Annual Pensioners Information Revalidation. Iyong APIR na hindi iyong APP—ito iyong APIR or Annual Pensioners Information Revalidation. Ito ay kinakailangang gawin isang beses lamang kada taon o sa birth month ng pensioner upang masiguro ang tuluy-tuloy na pagtanggap ng monthly pension kasi kailangan nating i-validate kung si pensioner pa ba ang tumatanggap ng ating pension na niri-release. Lahat ng old age, disability, survivorship pensioners ay kailangan mag-APIR. Para sa eligible pensioners, kailangan din ng APIR para sa pagbibigay ng milestone benefit pati na rin ang availment ng enhanced pension loans. Kasi, Usec. Rocky, kapag nagnobenta [garbled] ang ating pensioner ay we're giving them milestone benefit. At sa pamamagitan ng APIR, ang mga kuwalipikadong pensioners lamang ang babayaran ng buwanang pension at maaaring bigyan ng iba pang benepisyo at privileges.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero paano po gawin ang online APIR?

**GSIS VP MINDANAO OFFICE VILMA FUENTES:** Sa halip na gumamit ng GSIS Wireless Automated Processing System or GWAPS kiosk o mag-report personally sa office o anumang tanggapan o saanmang tanggapan ng GSIS, puwede na ang ating mga pensioners magpadala lamang ng text o e-mail request sa GSIS handling branch para sa online APIR schedule kung nasa Pilipinas. Maaaring tingnan ang kumpletong listahan ng mga e-mail address at contact numbers sa GSIS website. At para sa mga nasa abroad naman, Usec. Rocky, magpadala lang ng request sa e-mail address na pensionglobal@gsis.gov.ph o GSIS Skype Appointment System (SAS) na makikita rin sa website ng GSIS.

Ang mga dating pinuntahan na ng GSIS pensioners—kasi dati, Usec. Rocky, nagho-home visit tayo. So, iyong mga dating pinupuntahan na, ito iyong mga pensioners natin na may mga sakit, disability o ang mga may mga health issues o hirap sa pagkilos or kinakailangan ng mag-request para sa online APIR din para ma-schedule sila through email or text, since puwede na rin tayong mag-online, baka hindi na rin namin sila kailangang puntahan. Kasi alam mo naman na ina-avoid din nating maka-transmit o makabitbit ang ating mga nagho-home visit team sa mga bahay-bahay ng ating pensioners.

So ang pensioners o ang kanyang representative ay kailangan i-indicate ang mga sumusunod sa email or text: Siyempre pangalan ng pensioner, birth date ng pensioner, at saka preferred online channel para sa APIR interview, puwedeng Facebook page, Facebook messenger, puwede ring Viber, Skype of Zoom. Kailangan ding ipadala ang photo ng UMID temporary UIMD card or Temporary E-card plus o kung wala naman ang mga ito ay mag-submit ng at

least, two valid government issued ID. Ang original ay ipi-present during the actual interview, ipapakita lang nila sa video.

Para sa survivorship pensioner, magsa-submit ng duly accomplished self-declaration of surviving spouse form o non-marriage or non-cohabitation. Ang form na ito ay puwedeng i-download mula sa GSIS website sa www.gsis.gov.ph.

Para naman sa ating mga disability pensioner, Usec.  Rocky, magsusumite lang sila ng kopya ng annual medical progress report. So iyon 'yung mga kailangan natin para sa online APIR.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ma'am, paano naman daw po mag-apply ng commencement of pension?

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** USec. Rocky, ang mga qualified retirees under RA 8291, PD1146 or RA7699 or portability law at mga surviving legal heirs of dependent spouse or guardian na magsisimula ng kanilang pension ay maaaring magpadala ng application for commencement of pension na downloadable iyong form natin mula sa GSIS website din, kasama ng kanilang UMID o dalawang valid government issued IDs. Ipadala ang mga requirements, isang buwan bago magsimula ang pension sa naka-assign na email address ng pinakamalapit na branch o handling branch. Makikita ang list po ng ating email addresses ng home office, branch offices sa website ng GSIS at ito pa rin ay ang www.gsis.gov.ph.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ito po iyong mga gustong mga tanong: Ano daw po ang mga loans ang puwedeng i-avail online ng pensioners?

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** OO nga ano at maganda na ito ngayon, pina-improve na natin, na-enhanced na natin ang pension loan, USec. Rocky, kasi dati kapag umedad ka na ng 65, medyo limited na nag amount na puwede mong ma-avail, kasi that's normally 6 times your basic monthly pension or not more than 100,000.

Pero this time, it's still 6 times your basic monthly pension or hanggang 500,000 at wala ng age limit. Ang ating mga pensioners ay puwede rin silang mag-avail ng pensioners emergency loan during mga contingencies, example like typhoon; iyong recent natin na grinant USec. Rocky, iyong sa COVID Emergency Loan.

Ang mga nabanggit na loan programs ay para lamang sa mga old page pensioner. So uulitin ko, para lang po ito sa mga old-age pensioners, hindi po kasama dito ang ating mga survivorship pensioners. Hindi rin kasali sa mga eligible loan borrowers ang mga disability pensioners.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero puwede po mag-apply ng loan via online channel, Miss Vilma?

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** Ah, Yes USec. Rocky. Kagaya ng na-mention ko kanina, isa rin ito sa pinanawagan namin na puwede na silang mag-apply.

Ang GSIS old-age pensioners ay maaaring mag-avail ng pensioners emergency loan kung ito ay apektado ng sakuna o kalamidad o enhanced pension loans sa pamamagitan ng ito, iyong mga sumusunod, via electronic GSIS member online of eGSIS MO na makikita sa website.

Para sa eGSIS MO, mag-log in sa account. Ang ating mga pensioners kasi, USec. Rocky, even before noong active member sila, kung nagpa-enroll sila sa eGSIS MO, mag-log in sa

account nila, i-click ang loans application sa menu at piliin ang pension loan sa drop-down ng loan products, mag-attach ng supporting documents at sundin ang iba pang instruction na makikita sa screen.

Puwedeng i-access ang eGSIS MO also through https//egsismo.gov.ph; puwede ring via email sa handling branch, kung alam naman ng ating mga pensioner na kasi mga active din sila sa FB page ng ating mga branches, makikita nila iyong mga contact information including iyong e-mail address.

Para naman sa email, magpapadala lamang ng properly accomplished form at isang larawan hawak ang GSIS electronic card o e-card or UMID, Unified Multi-Purpose Identification, or iyong UMID card or any two government-issued ID na may larawan at pirma at diyaryo or newspaper na may petsa katulad ng date of application kung walang diyaryo.

Maaari din naman ang larawan na kuha katabi ang TV, halimbawa ngayon, Rocky, nag-uusap tayo, mayroong gustong mag-APIR, this is at the moment, current happening puwede rin sa TV crawler na mag-take picture ang ating mga pensioners. Ang loan proceeds ay iki-credit sa pensioner's E-card or UMID card, within three days, banking days from date of filing.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Miss Vilma, mayroon lang pong tanong si Tuesday Niu ng DZBB para sa inyo: Mayroon daw po bang Christmas bonus ang mga pensioner? Kung mayroon, kailan daw po ilalabas?

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** Since, taun-taon na talaga ito ang Christmas bonus ang ating mga pensioners. Normally, USec. Rocky, ang ating qualified lang dito sa bonus pensioners at hindi rin lahat ng old-age, ito ay ang mga nakapag-contribute ng 15 years or more na period with premium payment. Ito sila iyong magka-qualify at even iyong ating mga disability. Ang ating survivorship pensioners ay wala po silang Christmas bonus. Usually, ibinibigay natin ito on or before December 15.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero kung may mga katanungan daw po or nais na karagdagang impormasyon tungkol po dito sa mga programa ng GSIS, ano po ang puwedeng gawin?

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** As usual, maaaring bisitahin ang www.gsis.gov.ph or GSIS Facebook page at gsis.ph or mag-email sa gsiscares@gsis.gov.ph. At mayroon din tayong call center, Usec. Rocky, na 8847-4747 para doon sa mga taga-Metro Manila or 1-800-84747 sa Globe and TM subscribers at 1-800-1084747 para sa mga Smart and Talk 'N Text subscribers. At ang listahan ng mga GSIS email address or ang ating directory ay nandoon din sa ating website sa www.gsis.gov.ph.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Maraming salamat po sa inyong pagbibigay impormasyon sa atin ngayong araw. Muli, nakausap po natin si GSIS Vice President Ms. Vilma Fuentes. Salamat po.

**GSIS VP FOR MINDANAO FUENTES:** Maraming salamat din, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, mga mangingisda sa Surigao del Norte na naapektuhan ng ipinatupad na quarantine protocol ang hinatiran ng tulong ng tanggapan ni Senator Bong Go. Panawagan niya sa mga benepisyaryo, magpabakuna upang protektado maging ang kanilang pamilya. Narito ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Puntahan naman natin ang mga balitang nakalap ng Philippine Broadcasting Service sa iba't-ibang lalawigan sa bansa hatid ni John Mogol mula sa PBS-Radyo Pilipinas.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat, John Mogol ng PBS-Radyo Pilipinas.

Sa unti-unti pong pagluwag ng travel restriction sa bansa, inaasahan na ng Baguio City LGU ang mataas na bilang ng tourist arrival sa lungsod hanggang sa katapusan ng taon. May report si Debbie Gasingan:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Sasailalim na sa Alert Level 2 ang Davao City hanggang November 30. Sa kabila nito ay pananatilihin pa rin ang mahigpit na pagbabantay sa mga quarantine checkpoints sa lungsod. May ulat si Julius Pacot.

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat din sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

At dito na nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Mga kababayan, 33 days na lamang po at Pasko na.

Ako pong muli si Usec. Rocky Ignacio. Magkita-kita po tayo ulit bukas dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*